Richmond Primary Care Network

# Kayo ay ni-refer sa Richmond Primary Care Network (PCN)

Ni-refer kayo ng inyong Family Physician o Nurse Practitioner sa Richmond PCN para sa karagdagang suporta sa inyong kalusugan at kabutihan.

## Bakit Mahalaga ang Referral na Ito

Ang inyong referral ay bahagi ng inyong kasalukuyang pangangalaga. Ang Richmond PCN ay nakikipagtulungan sa inyong Family Physician o Nurse Practitioner para suportahan ang inyong mga layunin sa kalusugan.

## Ano ang Maaasahang Mangyari

Rerebyuhin namin ang inyong referral para masigurado na ang aming mga serbisyo ay naaakma sa inyong mga pangangailangan; ang referral ay hindi laging nangangahulugan na gagawa ng appointment para sa inyo.

- Kokontakin namin kayo **sa loob ng 6 hanggang 8 linggo**
- Ang aming tawag ay maaaring manggaling mula sa isang numero ng Vancouver Coastal Health (VCH)
- Kung kayo ay eligible, maaaring mag-alok kami sa inyo ng appointment, o maaaring tanungin namin kayo ng ilang mga katanungan para makonekta namin kayo sa tamang serbisyo
- **Wala kayong babayaran para sa aming mga serbisyo**

## Tips Para Maiwasan ang mga Delay

- Siguraduhing nalalaman ng inyong clinic kung ano ang inyong kasalukuyang numero ng telepono
- Sagutin ang mga tawag mula sa Vancouver Coastal Health sa mga darating na linggo
- Kung hindi ninyo nasagot ang aming tawag, mangyaring kontakin ang inyong family clinic at i-check ang inyong voicemail para sa mga susunod na hakbang

## Mangyaring Magpunta sa Inyong Appointment

Ang panahon para sa inyong appointment ay nireserba para lamang sa inyo. Kapag hindi kayo nagpunta sa isang appointment, maaaring matagalan ang inyong pangangalaga, at maaaring hindi maalagaan ang ibang pasyenteng nangangailangan ng suporta.

Kung hindi kayo makakapunta, mangyaring kontakin kami sa lalong madaling panahon para i-book muli ang inyong appointment.

## Sino Kami

Ang Richmond PCN ay may pangkat ng mga propesyonal sa kalusugan na nagbibigay-suporta sa mga pasyente sa iba't-ibang mga paraan, kabilang na ang:

### Chronic Disease Management Nurses

Suporta para sa mga pangmatagalang kondisyon (diyabetis, sakit sa puso, at marami pang iba)

### Clinical Pharmacists

Sinisigurado nilang tama para sa inyo ang inyong mga gamot

### Mental Health Counsellors

Suporta para sa anxiety, depression, at pagluluksa

### Occupational Therapists

Suporta para sa mga pang-araw-araw na aktibidad, kabilang na ang pamamahala ng stress

### Physiotherapists

Personalized exercise programs at musculoskeletal at neurological care

### Registered Dietitians

Suporta sa nutrisyon para maiwasan ang panganib ng pangmatagalang sakit at marami pang iba

### Seniors Teams

Naaangkop na pangangalaga sa seniors para pahusayin ang kalusugan, pagsasarili, at kaligtasan

### Social Prescribing Teams

Tuumutulong sa inyo na makamit ang mga layunin sa wellness (kabutihan) sa pamamagitan ng mga koneksyon sa komunidad.

### Social Workers

Tinutugunan ang social factors na umaapekto sa kalusugan

## Paano Gumagana ang Aming mga Serbisyo

- Ang mga serbisyo ay makukuha **kapag lamang may referral**
- Ang mga appointments ay maaaring gawin nang personal, sa telepono, o virtual
- Kokontakin kayo depende sa kung anong serbisyo ang kinakailangan at kung may availability
- **Pagkatapos subukan nang 3 beses na mag-book**, maaaring isara namin ang inyong referral kung hindi namin kayo makontak o kung paulit-ulit na hindi kayo nagpupunta sa mga appointment, o ito'y paulit-ulit na kinakansela o iniiskedyul muli.

[Filipino]